# Isang Mabilisang Pagtingin sa Medicare



DEPARTMENT OF HEALTH & HUMAN SERVICES · USA

## Ano ang Medicare?

Ang Medicare ay segurong pangkalusugan para sa:

- Mga taong 65 na anyos o mahigit pa
- Ilang mga tao na may edad na mas bata sa 65 na may mga kapansanan
- Mga taong nasa anumang edad na mayroong End-Stage Renal Disease (ESRD) (permanenteng panghihina ng bato na nangangailangan ng diyalisis o isang pagpapalit ng bato)

## Ano ang iba-ibang mga parte ng Medicare?

### Ang Part A (Segurong Pang-Ospital) ay tumutulong na akupin ang:

- Pangangalaga sa panloob na pasyente sa mga ospital
- Pangangalaga sa pasilidad ng sanay na pag-aalaga
- Pangangalaga ng hospisyo
- Pangangalagang pangkalusugan sa bahay

### Ang Part B (Segurong Pang-Medikal) ay tumutulong na sakupin ang:

- Mga serbisyo mula sa mga doktor at iba pang mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan
- Pangangalaga sa panlabas na pasyente
- Pangangalagang pangkalusugan sa bahay
- Matitibay na medikal na kagamitan (tulad ng mga wheelchair, walker, pang-ospital na kama, at mga ibang kagamitan)
- Maraming pang-iwas na serbisyo (tulad ng mga pagsasala, mga mga iniksiyon o bakuna, at mga taunang "Wellness" na pagbisita)

### Ang Part D (Pagsaklaw sa de-resetang gamot) ay:

- Sinasaklawan ang gastos sa mga de-resetang gamot (kasama ang maraming nirerekomendang iniksiyon o bakuna)
- Ang mga planong naghahandog ng pagsasaklaw ng gamot ng Medicare y pinatatakbo ng mga pribadong kompanya ng insurance na sumusunod sa mga patakarang tinakda ng Medicare

# Ang mga opsiyon mo sa Medicare

Kapag una kang makakuha ng Medicare at sa ilang partikular na panahon sa taon, maaari mong piliin kung paano mo makukuha ang iyong Medicare coverage. May 2 pangunahing paraan para makakuha ng Medicare:

## Orihinal na Medicare

- Kasama ng Orihinal na Medicare ang Medicare Part A (Pang-ospital na Insurance) at Part B (Pang-medikal na Insurance).
- Maaari kang sumali sa hiwalay na plano ng gamot ng Medicare para makakuha ng pagsasaklaw sa gamot ng Medicare (Part D).
- Maaaring gumamit ka ng alinmang doktor o ospital na nagdadala ng Medicare, saanman sa U.S.
- Para makatulong na bayaran ang iyong mga mula-sa-bulsang gastos sa Orihinal na Medicare (tulad ng 20% na kabahagi sa insurance mo), maaari ka ring bumili ng Medicare na Suplementong Insurance (Medigap).

☑ **Part A**

☑ **Part B**

Maaari mong idagdag ang:

☐ **Part D**

Maaari mo ring i dagdag ang:

☐ **Suplementong coverage**

Kasama dito ang Medicare Supplement Insurance (Medigap). O maaari kang gumamit ng coverage mula sa dating empleyado o unyon, o Medicaid.

## Medicare Advantage

### (kilala rin bilang Part C)

- Ang Medicare Advantage Plan ay isang aprubado ng Medicare na plan mula sa pribadong kompanya na naghahadog na alternatibo sa Orihinal na Medicare para sa iyong pagsasaklaw sa kalusugan at gamot. Kasama sa mga "bundled" na planong ito ang Part A, Part B, at karaniwan ay Part D.
- Sa karamihan ng mga kaso, kakilangan mong gumamit ng mga doktor na nasa network ng plano.
- Ang mga plano ay maaaring may mas mababang mula-sa-bulsang gastos kaysa sa Orihinal na Medicare.
- Ang mga plano ay naghahandog ng kaunting mga ekstrang benepisyo na hindi nasasaklawan ng Orihinal na Medicare— tulad ng paningin, pagdinig, dental na serbisyo.

☑ **Part A**

☑ **Part B**

Kasama ng karamihan sa mga plano ang:

☑ **Part D**

☑ **Kaunting mga ekstrang benepisyo**

Kasama rin ng ilang plano ang:

☐ **Mas mababang mula-sa-bulsang gastos**

## Kumuha ng tulong na kailangan mo



**Bumisita sa Medicare.gov** para makakuha ng detalyadong impormasyon tungkol sa mga plano ng kalusugan at gamot ng Medicare sa lugar niyo, makahanap ng mga kalahok na tagapaglaan ng pag-aalaga sa kalusugan at mga supplier, makakuha ng impormasyon sa kalidad ng pag-aalaga, at higit pa.

**Tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227)** upang makakuha ng impormasyon sa Medicare at mahalagang numero ng telepono. Kung kailangan mo ng libreng tulong sa wika maliban sa Ingles o Espanyol, bigkasin ang “Agent” upang makausap ang isang representate ng serbisyo sa mamimili. Ang mga gumagamit ng TTY ay kailangang tumawag sa 1-877-486-2048.

**Tingnan ang iyong pinakahuling libreta ng “Medicare & You”** upang matutunan kung ano ang bago, alamin ang iyong gastos sa Medicare, at kumuha ng impormasyon tungkol sa kung ano ang sasakupin ng Medicare.

**Makipagkita sa iyong lokal na State Health Insurance Assistance Program (SHIP)** upang makakuha ng libreng personal na pagpapayo sa sakop ng Medicare, mga kahilingan, mga apila, at tulong para sa mga taong may limitadong kita at mga pagkukunan. Bumisita sa shiptacenter.org, o tumawag sa 1-800-MEDICARE upang makakuha ng numero ng telepono para sa iyong lokal na SHIP.

**Bumisita sa Eldercare Locator sa** eldercare.acl.gov upang makahanap ng mga lokal na mga pagkukunan, tingnan ang mga benepisyo, at magplano para sa pangmatagalang pangangalaga.

May karapatan kang kumuha ng impormasyon sa Medicare sa anyong maa-access, tulad ng malaking print, Braille, o audio. May karapatan ka ring magsampa ng reklamo kung sa palagay mo ay nadiskriminahan ka. Pumunta sa Medicare.gov/about-us/accessibility-nondiscrimination-notice, o tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) para sa karagdagang impormasyon. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-877-486-2048.

Ang produktong ito ay ginawa bilang gastos ng nagbabayad ng buwis sa U.S.

CMS
CENTERS FOR MEDICARE & MEDICAID SERVICES

CMS Product No. 11514-T (Tagalog)
Revised July 2021